

Ministry ng Paggawa, Imigrasyon, Pagsasanay at Pagpapaunlad ng mga Kasanayan (Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development)

Ang Iyong mga Karapatan sa Ilalim ng Proteksyon sa Trabaho para sa Batas sa mga Dayuhang Mamayan (Employment Protection for Foreign Nationals Act, 2009)

Pagtatatuwa: Inihanda ang resource na ito para tulungan ang mga empleyado at employer na maunawaan ang ilan sa mga minimum na karapatan at pananagutang nakatatag sa ilalim ng *Employment Protection for Foreign Nationals Act, 2009* (EPFNA) at mga regulasyon. Hindi ito ligal na payo. Hindi nito layunin na palitan ang ESA o mga regulasyon at ang opisyal na bersyon ng batas ang dapat na laging gawing reperensya. Bagaman sinisikap naming tiyakin na ang impormasyon sa resource na ito ay bago at tumpak hangga't maaari, nangyayari paminsan-minsan ang pagkakamali. Minimum na mga pamantayan lamang ang ibinibigay ng EPFNA. May mas maraming karapatan ang ilang empleyado ay sa ilalim ng kontrata sa trabaho, sa sama-samang kasunduan, sa karaniwang batas o sa iba pang lehislasyon.

Ang [Employment Protection for Foreign Nationals Act, 2009](#) (EPFNA) ay isang batas na nagbibigay ng mga karapatan at proteksyon sa mga dayuhang mamamayan na nagtatrabaho o naghahanap ng trabaho sa Ontario sa ilalim ng imigrasyon o programa sa dayuhang pansamantalang empleyado, tulad ng Programa para sa Pansamantalang Manggagawang Dayuhan ng pederal (Temporary Foreign Worker Program). Para sa higit pang impormasyon, mangyaring bumisita sa Ontario.ca/EPFNA.

Ang dokumento ng impormasyon na ito ay nagbibigay ng buod ng iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA. Kung hindi Ingles ang iyong pangunahing wika, dapat kang bigyanng iyong recruiter o employer ng dokumento ng impormasyon na ito sa iyong pangunahing wika, kung ito ay available sa Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development.

Bilang isang dayuhang mamamayan na nagtatrabaho sa Ontario, karaniwan na may karapatan ka rin sa ilalim ng [Employment Standards Act, 2000](#) (ESA). Nagtatakda ang ESA

ng mga minimum na pamantayan para sa mga lugar ng trabaho sa Ontario, kabilang na ang minimum na pasaweldo at mga limitasyon ng oras ng trabaho. Dapat ka ring bigyan ng iyong employer ng dokumento ng impormasyon tungkol sa iyong mga karapatan sa ilalim ng ESA.

Hindi ka puwedeng singilin ng recruiter ng kahit anong singilin

Ang recruiter ay sinuman na naghahanap o sumusubok na ihanap ka ng trabaho sa Ontario. Ang isang recruiter ay maaari ring mag-refer sa iyo sa isang tao o tulungan ang isa na ihanap ka ng trabaho sa Ontario. Hindi ka puwedeng singilin ng iyong recruiter o ang isa na nagtatrabaho sa kanila ng kahit anong singilin para sa anumang serbisyo, kalakal o benepisyong ibinigay sa iyo, tulad ng: Pagtaya sa Merkado ng Paggawa (Labour Market Assessment), oryentasyon, mga serbisyong pagsusulat ng resume, paghahanda sa panayam o pagsasanay sa first aid.

Hindi puwedeng manghingi sa iyo ang isang employer ng mga halaga para sa pagiging empleyado (may ilang hindi kabilang dito)

Karaniwan na, hindi ka puwedeng singilin ng iyong employer ng kahit anong singilin o mga gastos na binayaran nito para sa pag-hire sa iyo, tulad ng iyong Pagtaya sa Merkado ng Paggawa (Labour Market Assessment), oryentasyon, pagsasanay o ng mga ibinayad nito sa recruiter. Hindi rin nito puwedeng ibawas sa iyong mga suweldo ang mga singiling ito o mga gastos. Gayunaman, kung empleyado ka sa ilalim ng Programang ng Pana-panahong Manggagawang Pang-agrikultura ng pederal na pamahalaan (Seasonal Agricultural Worker Program, SAWP), puwedeng ibawas ng iyong employer ang mga gastos sa pamasaha sa eroplano at mga permit sa trabaho kung pinapayagan ng iyong kontrata sa trabaho ng SAWP.

Hindi rin puwedeng bawiin ng employer ang mga recruitment fee o iba pang mga placement cost mula sa isang dayuhang mamamayan para sa recruiter.

Hindi puwedeng kunin ng isang recruiter o employer ang iyong pag-aari

Hindi puwedeng kunin o pigilin ng recruiter, ng iyong employer, o ng taong kumakatawan para sa kanila, ang iyong pag-aari sa kahit anong dahilan. Kabilang dito ang mga dokumento tulad ng iyong pasaporte o permit sa trabaho.

Hindi ka puwedeng sumang-ayon na isuko ang iyong mga karapatan

Hindi ka puwedeng sumang-ayon o pumirma ng kontrata para isuko ang alinman sa iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA. Walang bisa ang ganitong mga kasunduan o kontrata. Halimbawa, kung pipirma ka ng kontrata na pinapayagan ang recruiter na singilin ka ng recruitment fee, ang kasunduang ito ay magiging walang bisa.

Hindi ka puwedeng parusahan dahil sa pagtatanong ng tungkol sa iyong mga karapatan o sa paggamit nito

Kung magtatanong ka ng tungkol sa iyong mga karapatan o gagamitin mo ang iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA o ESA, hindi ka puwedeng pagbantaan, takutin, o parusahan ng iyong recruiter o employer sa kahit na anong paraan, kabilang na ang pagsisante sa iyong trabaho.

Kung may tanong ka o kung gusto mong magsampa ng claim

Para sa higit pang impormasyon sa EPFNA, mangyaring bumisita sa [Ontario.ca/EPFNA](https://ontario.ca/EPFNA).

Kung may mga tanong ka tungkol EPFNA maaari ka ring tumawag sa Employment Standards Information Centre sa (416) 326-7160, libre sa 1-800-531-5551, o TTY 1-866-567-8893. Available ang impormasyon sa maraming wika.

Kung sa palagay mo hindi mo natanggap ang iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA, puwede kang magsampa ng claim sa Ministry of Labour, Immigration, Training and Skills Development sa [Ontario.ca/EPFNA](https://ontario.ca/EPFNA).

Mayroon kang tatlo at kalahating taon para magsampa ng claim para sa iyong mga karapatan sa ilalim ng EPFNA.